



PAGSASAKULTURA AT PAGSASALITA: ANG UGNAYAN NG PANITIKANG FILIPINO AT PAGTUTURO NG WIKA SA MAKABAGONG PANAHOON

Rosemarie D. Rey

University of Perpetual Help System- Dalta Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang integrasyon ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika sa Senior High School sa Ikatlong Distrito ng Quezon. Tinutukan nito ang antas ng kahandaan at kasanayan ng mga guro, ang mga estratehiyang kanilang ginagamit, at ang mga hamon at solusyong kinakaharap nila sa pagtuturo. Gumamit ang pananaliksik ng descriptive research design na may total enumeration bilang sampling method upang makuha ang malawak na pananaw ng mga guro.

Batay sa resulta, karamihan sa mga guro ay nasa mid-career stage, may sapat na kwalipikasyon, at aktibong lumalahok sa mga pagsasanay sa lokal na antas. Lumitaw na mataas ang antas ng kanilang kasanayan sa paggamit ng panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika, kung saan nagagamit nila ang mga akdang pampanitikan upang mapaunlad ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip, bokabularyo, at gramatika ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nakilala rin ang mga hamon gaya ng limitadong materyales, kakulangan ng sapat na pagsasanay, at mababang interes ng mga mag-aaral.

Ipinakita ng pagsusuri na walang makabuluhang ugnayan ang edad, kasarian, at katayuang sibil sa kasanayan ng guro, subalit ang antas ng edukasyon ay may positibong epekto sa paggamit ng mga epektibong estratehiya. Inirekomenda ang pagbibigay ng sapat na suporta ng mga administrador, tuloy-tuloy na pagsasanay para sa mga guro, at mas malikhain at teknolohikal na estratehiya upang mapalalim ang interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling wika at kultura. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang Panitikang Filipino ay nananatiling mabisang kasangkapan sa pagtuturo ng wika at sa pagpapatibay ng pambansang pagkakakilanlan.

SUSING SALITA: *Estratehiya sa Pagtuturo, Panitikang Filipino at Pagsasakultura*

1. PANIMULA

Ang panitikang Filipino ay humaharap sa mga hamon dahil sa teknolohiya, globalisasyon, at makabagong midya. Sa kabila ng mahalagang papel nito sa pagtataguyod ng kultura at kasaysayan, nababawasan ang interes ng mga kabataan sa panitikang Filipino. Ang dayuhang panitikan at digital media ay nagiging pangunahing pinagmumulan ng impormasyon at libangan, na humahantong sa pagbaba ng panitikang Filipino. Sa kabila ng yaman nito, tila nahuhuli ang panitikang Filipino sa kompetisyon para sa atensyon ng nakababatang henerasyon, na mas naaakit sa modernong media. Kaya naman, napakahalagang suriin at palakasin ang mga estratehiya upang buhayin at palakasin ang pagpapahalaga sa panitikang Filipino bilang pundasyon ng ating pambansang pagkakakilanlan.

Ang hindi epektibong pagsasama ng panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika ay isa sa mga pangunahing isyu na kinakaharap ng mga guro. Ang wika ay madalas na tinitingnan sa kasalukuyang sistema ng edukasyon bilang isang teknikal na kakayahan na kailangang pag-aralan nang nakapag-iisa mula sa panitikan, isang disiplina na may mayamang kasaysayan, konteksto, at kahalagahan. Dahil dito, ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa halaga at kagandahan ng panitikang Filipino ay patuloy na humihina habang unti-unting nasisira ang ugnayan ng wika at kultura. Ang akulturasyon, o ang patuloy na paglaganap at pagpapatibay ng kulturang Pilipino, ay patuloy na isang mahalagang bahagi ng ating pakiramdam ng pambansang pagkakakilanlan.

Dahil ang wika ang pangunahing paraan ng pagpapahayag ng ating kultura, kasaysayan, at ibinahaging damdamin bilang

isang tao, mahalaga ito sa pangangalaga at pagpapahusay ng panitikang Filipino. Gayunpaman, ang epektibong pagpapaunlad ng ugnayan sa pagitan ng wika at panitikan sa silid-aralan ay mahirap pa rin. Ang mga kabataan ay higit na pinipigilan na patibayin ang kanilang pagkakakilanlan sa kanilang sariling panitikan at kultura sa pamamagitan ng kawalan ng organisadong pagsasanay para sa mga tagapagturo at ang patuloy na pagpasok ng mga dayuhang impluwensya sa media at edukasyon.

Higit pa rito, ang pagsasama ng panitikang Filipino sa kanilang kurikulum ay isang hamon para sa maraming tagapagturo. Ang kanilang kakayahang maiparating ang kayamanan at kahalagahan ng panitikang Filipino ay nahahadlangan ng kakulangan ng tamang pagsasanay at karanasan sa totoong mundo. Kaya nahihirapan ang mga mag-aaral na uwain at pahalagahan ang kanilang sariling wika at kultura. Ang interes ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino ay humihina dahil sa hindi epektibong pagtuturo, na lalong magpapababa nito sa akademya at lipunan sa kabuuan.

Ang paglikha ng malikhain at matagumpay na pamamaraan ng pagtuturo na nagbibigay-diin sa halaga ng panitikang Filipino ay mahalaga sa paglutas ng mga suliraning ito. Kailangan itong makita bilang pundasyon ng ating pambansang pagkakakilanlan gayundin bilang isang akademikong disiplina. Sa kabila ng patuloy na globalisasyon, muling mapapasigla ng mga kabataan ang kanilang interes sa panitikang Filipino at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa kanilang sariling kultura sa pamamagitan ng masusing pag-aaral, pinahusay na kurikulum, at sapat na suporta para sa mga tagapagturo.



Ayon kay Peñeda (2021), isa sa mga pangunahing hamon sa pagsasanib ng panitikan sa pagtuturo ng wika ay ang limitadong kaalaman ng mga guro tungkol sa mga istrukturang gramatika, na nakakaapekto sa kanilang kakayahan sa mabisang pagtuturo ng wika. Ang isa pang makabuluhang isyu ay ang kanilang hindi sapat na pag-unawa sa iba't ibang mga diskarte sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan, na humahantong sa kakulangan ng pagkakaiba-iba sa mga estratehiya sa pagtuturo. Bukod pa rito, maraming tagapaguro ang nahihirapan sa mga makabagong pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo, gayundin ang pagsasama ng mga kontemporaryong uso sa wika tulad ng jejemon at bekimon.

Itinatag ng Konstitusyon ng Pilipinas noong 1987 ang Filipino bilang pambansang wika at binibigyang-diin ang pagpapalaganap nito sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon. Ang wika ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa panitikang Filipino, na pinapanatili ang kasaysayan, tradisyon, at pagkakakilanlan ng bansa. Ang paggamit ng Filipino at iba pang wika bilang midyum ng pagtuturo ay sumusuporta sa integrasyon ng wika at panitikan sa edukasyon. Itinatag ng Batas Republika Blg. 7104 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) upang paunlarin ang Filipino at mga katutubong wika, pagpapahusay ng panitikan at pagpapatibay ng ugnayan ng wika at panitikan bilang bahagi ng akulturasyon. Ang mga batas na ito ay mahalagang pundasyon sa pagpapalaganap ng wika at panitikang Filipino, na tumutulong sa pagtataguyod ng diwa ng pagsasakultura sa konteksto ng makabagong edukasyon.

Ang teoryang sosyokultural ay binibigyang-diin ang pagkakaugnay ng kultura, wika, at pagkatuto, na ginagawa itong lubos na nauugnay sa pag-aaral na ito. Sa konteksto ng pagtuturo ng Panitikang Filipino, ipinoposisyon ng teoryang ito ang panitikan bilang kasangkapang pangkultura na sumasalamin sa panlipunan at kultural na background ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin nito ang ideya na ang wika ay hindi lamang isang midyum ng komunikasyon kundi isang tagapagdala rin ng kultura, mahalaga sa proseso ng pagsasakultura (cultural transmission) at pagbuo ng pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng paggamit ng literatura na may kaugnayan sa kultura, ang pag-aaral ay naglalayong ituro ang parehong wika at kultural na mga halaga, pagyamanin ang collaborative na pag-aaral sa pamamagitan ng mga talakayan at aktibidad, at itaguyod ang pangangalaga at pagpapahalaga sa mga tradisyon at pagkakakilanlan ng Filipino habang tinutugunan ang mga modernong hamon.

Talahanayan 1.1 ay nagpapakita ng propayl ng mga respondente ayon sa edad.

Suliranin Blg. 1. Ano ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa edad at kasarian?

Talahanayan 1.1

Demograpikong Propayl ng mga Respondente Ayon sa Edad

Edad	Dalas	Porsyento
21 – 30 taong gulang	34	35.8
31 – 40 taong gulang	43	45.3
41 – 50 taong gulang	14	14.7
51 taong gulang pataas	4	4.2
Kabuuan	95	100.0

Ang Talahanayan 1.1 ay nagpapakita ng demograpikong propayl ng mga respondente batay sa kanilang edad. Bahagi ito ng mas malawak na pagsusuri na layuning tuklasin ang

Paglalahad ng Suliranin

Ang kasalukuyang pananaliksik tungkol sa Pagsasakultura at Pagsasalita: Ang Ugnayan ng Panitikang Filipino at Pagtuturo ng Wika sa Makabagong Panahon ay tangkang sagutin ang mga sumusunod na suliranin;

1. *Ano ang propayl ng mga respondente batay sa:*
 - 1.1. *Edad;*
 - 1.2. *Kasarian;*
 - 1.3. *Katayuang Sibil;*
 - 1.4. *Pinakamataas na antas ng edukasyong natamo;*
 - 1.5. *Mga pagsasanay na dinaluhan.*
2. *Ano ang antas na kasanayan ng mga gurong kalahok sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino?*
3. *Ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino?*
4. *Ano ang makabuluhang kaugnayan ng antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika sa propayl ng mga kalahok?*

2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng descriptive research design. Ang descriptive survey method ay isang pamamaraan na naglalayong ilarawan ang mga katangian ng isang penomenon o paksa na sinusuri. Sa siyentipikong pananaliksik, ito ay nagsilbing pangunahing kasangkapan para sa mga mananaliksik na may layuning obserbahan, itala, at suriin ang masalimuot na detalye ng isang tiyak na paksa. Ang pamamaraang ito ay nagbigay ng masaganang at detalyadong ulat na tumulong sa pag-unawa, pag-uuri, at interpretasyon ng paksa (Singh, 2023).

3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng detalyadong buod ng mga natuklasan sa pag-aaral, batay sa mga kasagutang nakalap mula sa mga napiling kalahok. Ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos ay mahigpit na nakaayon sa mga tanong sa pananaliksik na itinakda sa unang kabanata.

Mga Natuklasan sa Pag-aaral

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay ipinakita sa mga talahanayan at lubusang ipinaliwanag upang mabigyan ng malinaw na pag-unawa ang mga mambabasa.

kahalagahan ng Panitikang Filipino sa kontemporaryong pagtuturo ng wika sa Senior High School. Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang edad ng mga guro sapagkat ito ay may kaugnayan



sa kanilang karanasan, pananaw, at kahandaang magpatupad ng mga inobasyon sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga datos ay mula sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa Ikatlong Distrito ng Dibisyon ng Quezon.

Batay sa resulta, ang pinakamaraming bilang ng mga respondente ay nasa edad na 31 hanggang 40 taong gulang, na bumubuo sa 45.3% ng kabuuang bilang. Sumusunod dito ang mga gurong may edad 21 hanggang 30 taong gulang na may 35.8%. Samantala, ang mga nasa edad 41 hanggang 50 ay 14.7%, at ang mga 51 taong gulang pataas ay may pinakamaliit na bilang na 4.2%. Ang datos na ito ay nagpapakita na ang karamihan sa mga guro ay kabilang sa *mid-career level* o nasa aktibong yugto ng kanilang propesyonal na buhay, kung saan inaasahang mataas ang kanilang antas ng enerhiya, produktibidad, at kakayahang umangkop sa mga pagbabago sa pedagogiya. Makikita rin na may sapat na representasyon mula sa mga nakababatang guro na maaaring magdala ng bagong pananaw at mas mataas na antas ng teknolohikal na kasanayan sa klasrum.

Sa kabilang banda, ang mas mababang porsyento ng mga gurong nasa 41 taong gulang pataas ay nagpapahiwatig na may mas kaunting representasyon ang mga beteranong guro sa pag-aaral. Gayunpaman, ang kanilang karanasan ay maaari pa ring maging mahalagang sanggunian sa pagsusuri ng tradisyunal na paggamit ng panitikan sa pagtuturo ng wika. Ang kombinasyong ito ng mga henerasyon ng guro ay nagpapalawak sa saklaw ng pananaw at karanasan na mahalaga sa pag-unawa kung paanong ang Panitikang Filipino ay nagagamit sa loob ng klasrum sa iba't ibang paraan, batay sa edad at karanasan ng mga tagapagturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang mga kalahok ay may iba't ibang antas ng karanasan na makatutulong sa pagbibigay ng mas malawak at mas balanseng pananaw hinggil sa

paggamit ng panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Ang edad ay isa sa mga salik na maaaring makaapekto sa kanilang estilo ng pagtuturo, kahandaan sa pagbabago, at kakayahang yakapin ang integrasyon ng makabagong estratehiya sa edukasyon ng Filipino. Ang mga *mid-career* at mga batang guro ay maaaring mas bukas sa paggamit ng Panitikang Filipino sa mas interaktibo at makabago ring paraan.

Dahil dito, mahalaga ang implikasyong ito sa disenyo ng mga programang pangpropesyonal na pag-unlad. Ang mga guro na nasa aktibong yugto ng kanilang karera ay maaaring gawing pangunahing target ng mga pagsasanay ukol sa integrasyon ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika. Maaari ring isaalang-alang ang mentorship programs kung saan ang mas batikang guro ay maaaring maging tagapayo sa mga mas nakababatang guro hinggil sa mas masining at mas malalim na paggamit ng panitikan. Sa huli, ang demograpikong datos na ito ay nagbibigay ng matibay na batayan para sa paglikha ng mga patakarang nakatuon sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga guro sa makabagong edukasyong pampanitikan at pangwika.

Maaaring maiugnay ang resulta ng Talahanayan 1.1 hinggil sa edad ng mga guro sa mga naunang literatura sa pamamagitan ng pagsusuri sa papel ng karanasan, kahandaan sa inobasyon, at kakayahang pedagogikal sa pagtuturo ng wika at panitikan sa Filipino.

Sa kabuuan, ang datos ukol sa edad ng mga guro ay may malinaw na koneksyon sa mga naunang literatura: pinatutunayan nito na ang pinaghalong enerhiya, inobasyon, at karanasan mula sa iba't ibang henerasyon ng guro ay makatutulong sa mas epektibong integrasyon ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika. Nagbibigay ito ng batayan para sa mas matalinong pagdidisenyo ng mga programang pangpropesyonal na pag-unlad, mentoring, at paggamit ng teknolohiya na nakaangkla sa edad at kakayahan ng mga guro.

Talahanayan 1.2 ay nagpapakita ng propayl ng mga respondente ayon sa kasarian.

Talahanayan 1.2

Demograpikong Propayl ng mga Respondente Ayon sa Kasarian

Kasarian	Dalas	Porsyento
Babae	78	82.1
Lalaki	17	17.9
Kabuuan	95	100.0

Ang Talahanayan 1.2 ay nagpapakita ng demograpikong distribusyon ng mga respondente ayon sa kanilang kasarian. Ang impormasyong ito ay mahalaga sa konteksto ng pag-aaral dahil maaaring makaapekto ang kasarian sa pananaw, estilo ng pagtuturo, at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng Panitikang Filipino bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Sa pagtukoy sa kasarian ng mga guro, mas nagiging malinaw ang balangkas kung paano maaaring magkaiba ang interpretasyon at implementasyon ng panitikan sa klasrum batay sa gender-based experiences at biases.

Batay sa datos, malinaw na mas marami ang kababaihan na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Senior High School sa Ikatlong Distrito ng Dibisyon ng Quezon, kung saan 78 o 82.1% ng mga respondente ay babae, habang 17 o 17.9% lamang ang

lalaki. Ipinapakita nito ang matinding dominasyon ng kababaihan sa larangan ng pagtuturo ng wika, partikular sa asignaturang Filipino. Ang ganitong distribusyon ay maaaring may kaugnayan sa pangkalahatang trend sa propesyong pagtuturo sa Pilipinas, kung saan mas marami ang kababaihang pumapasok sa larangan ng edukasyon, lalo na sa asignaturang may kaugnayan sa komunikasyon at humanidades.

Sa kabilang banda, ang maliit na bilang ng kalalakihan ay maaaring nagpapahiwatig ng kakulangan ng male perspective sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Bagaman mas kaunti ang bilang ng mga lalaking guro, mahalaga pa rin ang kanilang ambag lalo na kung isasaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng pananaw at karanasan sa paggamit ng panitikan sa klasrum. Maaaring may partikular silang estilo o diskarte na naiiba sa



nakararami at maaaring magbigay ng karagdagang dimensyon sa pagsusuri sa epekto ng panitikan sa pagtuturo ng wika.

Sa pangkalahatang interpretasyon, ipinakikita ng datos na ang pagtuturo ng Filipino at panitikan ay higit na pinangungunahan ng kababaihan. Maaaring ito ay magdulot ng mas malikhain, emosyonal, at relasyunal na lapit sa pagtuturo ng panitikan, ngunit nararapat ding kilalanin ang kakayahan at kontribusyon ng kalalakihan sa larangang ito. Ang pagkakaroon ng mas balanseng representasyon ng kasarian ay maaaring magbunga ng mas masaklaw na interpretasyon ng mga akdang pampanitikan, lalo na kung ang mga akda ay tumatalakay sa mga isyung panlipunan, pangkasaysayan, at pangkasarian.

Bunga nito, mainam na isaalang-alang ng mga tagapagpatupad ng kurikulum at mga tagapagsanay ng guro ang pagbibigay ng pantay-pantay na pagkakataon para sa lahat ng kasarian sa mga pagsasanay hinggil sa paggamit ng Panitikang Filipino sa pagtuturo. Dapat din itong magsilbing paalala na sa pagbubuo ng mga aralin at materyales, mahalaga ang gender sensitivity upang mas maging inklusibo ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa huli, ang pag-unawa sa kasarian ng mga guro ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas makabuluhang implementasyon ng panitikan sa pagtuturo ng wika.

Maaaring iugnay ang resulta ng Talahanayan 1.2 hinggil sa kasarian ng mga guro sa mga naunang literatura na tumatalakay sa gender dynamics sa edukasyon, estilo ng pagtuturo, at pagpapalawak ng pananaw sa pagtuturo ng wika at panitikan.

Ayon sa mga pag-aaral nina De Guzman at Abagon (2021) at Om poc (2023), ang kasarian ay maaaring makaapekto sa pedagogikal na estilo at disposisyon ng guro sa klasrum. Sa konteksto ng kasalukuyang resulta, ang dominasyon ng kababaihan (82.1%) sa pagtuturo ng Filipino ay maaaring maiugnay sa mas relasyunal, emosyonal, at makataong estilo ng pagtuturo na madalas na iniugnay sa babaeng guro, tulad ng nabanggit din sa mga literatura nina Kilag et al. (2023) hinggil sa kahalagahan ng empathy at creativity sa pagtuturo ng

Talahanayan 1.3 ay nagpapakita ng propayl ng mga respondente ayon sa katayuang sibil.

Talahanayan 1.3

Demograpikong Propayl ng mga Respondente Ayon sa Katayuang Sibil

Katayuang Sibil	Dalas	Porsyento
May Asawa	64	67.4
Walang Asawa	31	32.6
Kabuuan	95	100.0

Ipinapakita sa Talahanayan 1.3 ang demograpikong propayl ng mga respondente batay sa kanilang katayuang sibil. Ang aspektong ito ay mahalaga sa konteksto ng pananaliksik sapagkat maaaring makaapekto ang katayuang sibil sa oras, pananaw, at dedikasyon ng isang guro sa paggamit ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika. Ang mga responsibilidad sa tahanan at personal na kalagayan ay maaaring maka-impluwensya sa kakayahan ng guro na magplano, magsagawa, at magpabago ng mga istrategiya sa pagtuturo.

panitikan. Ipinapakita nito na ang karamihan sa mga guro ay maaaring gumagamit ng mas sensitibong lapit sa pagpili at pagtalakay ng mga akdang pampanitikan, na mahalaga sa paghubog ng damdamin, pagpapahalaga, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Samantala, ang maliit na representasyon ng kalalakihan ay sinasalamang din sa pananaliksik nina Malaque (2022) at Benito (2023) tungkol sa underrepresentation ng mga lalaking guro sa humanidades. Gayunpaman, binibigyang-diin sa mga naturang literatura na ang diversidad ng pananaw, kabilang ang gender-based experiences, ay mahalaga sa pagbibigay ng mas inklusibong talakayan ng mga panitikang may temang panlipunan, kasarian, at kasaysayan. Sa ganitong paraan, ang male perspective, bagaman limitado ang bilang, ay nagiging mahalagang ambag sa mas malawak na pagsusuri sa gamit ng panitikan sa pagtuturo ng wika.

Dagdag pa rito, ang pagkiling sa isang kasarian ay maaaring magdulot ng monolitikong interpretasyon ng mga akdang pampanitikan, gaya ng babala sa pananaliksik nina Alorro (2024) at Seballos et al. (2024) tungkol sa pangangailangang isaalang-alang ang gender sensitivity at representasyon sa mga aralin at materyales. Ang ganitong pananaw ay sumusuporta sa mungkahi sa kasalukuyang resulta na dapat may pantay na oportunidad ang bawat kasarian sa mga pagsasanay at pagbuo ng kurikulum, upang maiwasan ang gender bias sa edukasyong pampanitikan.

Sa kabuuan, ang datos sa kasarian ng mga guro ay umaayon sa mga naunang literatura na nagsasabing ang kasarian ay may impluwensya sa estratehiya at pananaw ng mga guro sa paggamit ng panitikan sa klasrum. Ipinakikita rin nito ang pangangailangang kilalanin ang kontribusyon ng bawat kasarian upang makabuo ng mas makabuluhan, balansyado, at inklusibong implementasyon ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika. Ang rekomendasyong gender sensitivity at pantay na representasyon sa pagsasanay ay suportado ng mga naunang pananaliksik na nagsusulong ng edukasyong makatao at makatarungan.

Ayon sa datos, karamihan sa mga respondente ay may asawa, na may bilang na 64 o katumbas ng 67.4% ng kabuuang bilang. Samantalang 31 o 32.6% naman ang walang asawa. Ipinapahiwatig nito na mas marami sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Senior High School sa Ikatlong Distrito ng Quezon ang may mga responsibilidad sa pamilya. Ang ganitong kalagayan ay maaaring may epekto sa kanilang oras para sa paghahanda ng mga aralin, lalo na kung ang mga aralin ay nangangailangan ng malikhain at masusing integrasyon ng Panitikang Filipino.



Gayunpaman, hindi nangangahulugan na ang mga guro na may asawa ay mas mababa ang antas ng kahusayan sa pagtuturo. Sa halip, maaaring mas lalo nilang pinahalalagan ang kahalagahan ng panitikan bilang salamin ng buhay, lalo na sa pagbabahagi ng mga akdang may temang pamilya, relasyon, at responsibilidad. Samantala, ang mga walang asawa ay maaaring may mas malawak na oras para sa personal na propesyonal na pag-unlad at eksperimento sa mga estratehiya sa klasrum, na maaaring makatulong sa mas masiglang integrasyon ng panitikan sa pagtuturo ng wika.

Sa pangkalahatang interpretasyon, ang datos ay nagpapakita ng balanseng distribusyon ng mga guro sa magkakaibang yugto ng kanilang personal na buhay. Ang pagkakaibang ito ay nagbibigay ng magkakaibang pananaw at karanasan na maaaring magpayaman sa paraan ng pagtalakay at paggamit ng panitikan sa pagtuturo ng wika. Nagbibigay ito ng impresyon na ang panitikang Filipino ay may kakayahang umangkop sa iba't ibang kontekstong personal ng mga guro.

Bilang implikasyon, dapat kilalanin ng mga tagapamahala ng paaralan at mga tagapagdisenyo ng kurikulum ang papel ng katayuang sibil sa kakayahan ng mga guro na magpatupad ng inobatibong estratehiya sa pagtuturo. Ang mga programang sumusuporta sa balanseng trabaho at personal na buhay, propesyonal na pag-unlad, at nababagay na disenyo ng pagkatuto ay maaaring makatulong sa mga guromay asawa man o walana epektibong maisama ang panitikan sa kanilang pagtuturo. Sa ganitong paraan, mas magiging matagumpay ang layunin ng pananaliksik na mas mapaunlad ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panitikang Filipino.

Ang resulta ng Talahanayan 1.3 hinggil sa katayuang sibil ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ay maaring iugnay sa mga literatura ukol sa balanseng trabaho at personal na buhay, propesyonal na pagkakakilanlan, at pansariling konteksto sa mga gawaing pedagogikal na may impluwensya sa paggamit ng panitikan sa pagtuturo ng wika.

Ayon sa mga pag-aaral nina Llego at Cabansag (2021) at Reyes (2022), ang katayuang sibil ng guro ay may ugnayan sa kanilang oras para sa lesson planning, paggamit ng inobatibong estratehiya, at pagsasanay sa propesyonal na pag-unlad. Ang datos na nagsasaad na 67.4% ng mga guro ay may asawa ay sumasalamin sa posibilidad na ang kanilang oras at enerhiya ay

nahahati sa tungkulin sa pamilya at trabaho. Subalit, gaya ng binanggit sa pag-aaral ni David (2023), ang mga guro na may asawa ay kadalasang mas may emotional depth at real-world perspective, na mahalaga sa paggamit ng mga panitikang tumatalakay sa pamilya, responsibilidad, at buhay-pantahananmga temang malapit sa karanasan nila at ng kanilang mag-aaral.

Samantala, ang walang asawa ay maaaring mas bukas sa pag-eeksperimento ng makabagong estratehiya sa klasrum, tulad ng interaktibong pagsasadula ng panitikan, flipped classroom, at integrasyon ng multimedia. Ito ay nakaangkla sa pananaliksik nina Orate at Bautista (2022) na nagsasaad na ang mga guro na walang direktang responsibilidad sa tahanan ay mas aktibo sa professional development at curriculum innovation.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng literatura nina Sarmiento at Abad (2023) na ang iba't ibang yugto ng personal na buhay ay hindi hadlang kundi pinagmumulan ng iba-ibang pedagogikal na pagtingin. Ang pagkakaibang ito ay maaaring magresulta sa mas mayamang diskurso at mas makataong pagtalakay ng panitikan sa klasrum, lalo na kung ang mga akda ay tumatalakay sa mga realidad ng buhay na pamilyar sa mga guro. Ang panitikang Filipino, ayon kay Sicat (2024), ay lalong nagiging makabuluhan kapag ito ay naipapaloob sa mga personal na naratibo ng guro na kanilang ginagamit sa pagtuturo.

Sa kabuuan, umaayon ang datos sa mga naunang pag-aaral na nagpapakita na ang katayuang sibil ay hindi hadlang kundi isang salik na maaaring magpaigting sa kahusayan ng pagtuturo gamit ang panitikan. Ang pagsasaalang-alang ng personal na konteksto ng guro ay tumutugma sa mga panawagan sa literatura para sa mas empatikong disenyo ng kurikulum, gaya ng nabanggit nina Castillo at Dumlao (2023), na nagsusulong ng gender- at family-sensitive learning environments.

Dahil dito, sinusuportahan ng mga literatura ang rekomendasyong ang mga school heads at curriculum planners ay dapat magdisenyo ng mga programa at estratehiya na tumutugon sa mga personal at propesyonal na pangangailangan ng guro, kabilang na ang work-life balance at flexible training. Sa ganitong paraan, magiging mas epektibo at makabuluhan ang paggamit ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika, alinsunod sa layunin ng pananaliksik.

Talahanayan 1.4 ay nagpapakita ng propayl ng mga respondente ayon sa pinakamataas na antas ng edukasyong natamo.

Talahanayan 1.4

Demograpikong Propayl ng mga Respondente Ayon sa Pinakamataas na Antas ng Edukasyong Natamo

Pinakamataas na Antas ng Edukasyon na Natamo	Dalas	Porsyento
Nagtapos ng Bachelor's Degree	27	28.4
Nagtapos ng Master's Degree	25	26.3
May Units sa Master's Degree (MA)	43	45.3
Kabuuan	95	100.0

Ipinapakita sa Talahanayan 1.4 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang pinakamataas na antas ng edukasyong natamo. Mahalaga ang aspektong ito sa pagsusuri

ng kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang antas ng edukasyon ng mga guro ay karaniwang inuugnay sa kanilang kaalaman, kasanayan, at kahandaan sa paggamit ng makabago at mas



mataas na anyo ng estratehiya sa pagtuturo, gaya ng integrasyon ng Panitikang Filipino sa pagpapalalim ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

Sa resulta, makikita na ang pinakamalaking porsyento ng mga respondente ay nasa kategoryang may Master's degree units, na may kabuuang 43 o 45.3% ng lahat ng kalahok. Sumunod naman ang mga may Bachelor's degree na may 27 o 28.4%, at ang mga may ganap na Master's degree na may 25 o 26.3%. Ipinapahiwatig nito na karamihan sa mga guro ay kasalukuyang nasa proseso ng pagpapaunlad ng kanilang propesyonal na kwalipikasyon, na nagpapakita ng aktibong pagsusumikap tungo sa mas mataas na antas ng edukasyon.

Sa kabilang banda, bagama't hindi lahat ay nakapagtapos ng master's degree, malinaw na may sapat na propesyonal na paghahanda ang mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pagkakaroon ng MA units ay nagpapahiwatig na may kaalaman sila sa mas mataas na antas ng pedagogikal at panlitteraturang diskurso, na mahalaga sa integrasyon ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika. Ito ay maaaring magbigay ng positibong impluwensiya sa kanilang kakayahang pumili ng angkop na akda, bumuo ng makabuluhang diskusyon, at magdisenyo ng mga aralin na angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa pangkalahatang interpretasyon, ipinakikita ng datos na ang mga kalahok sa pag-aaral ay may sapat at angkop na edukasyong propesyonal upang maisakatuparan ang mga adhikain ng makapanitikan na pagtuturo ng wika. Ang kanilang akademikong background ay nagpapakita ng kahandaan at potensyal na maging epektibong tagapaghatid ng edukasyong makabansa at makakultura sa pamamagitan ng panitikan.

Bilang implikasyon, ang mga programang nakatuon sa patuloy na propesyonal na pag-unlad ay dapat palakasin, lalo na yaong nagbibigay diin sa integrasyon ng panitikan sa pagtuturo ng wika. Ang pagsuporta sa mga guro na nasa yugto pa lamang ng kanilang graduate studies ay makatutulong upang higit pa nilang mapaunlad ang kanilang pedagogikal na pag-unawa. Sa ganitong paraan, mas maisusulong ang layunin ng pananaliksik na gamitin ang Panitikang Filipino bilang mabisang

kasangkapan sa pagpapalawak ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa Senior High School.

Ang resulta ng pag-aaral na nagpapakita na karamihan sa mga guro ay may Master's degree units o kumpleto nang Master's degree ay sumusuporta sa mga pag-aaral nina Prediger et al. (2022) at Malaque (2022) na nagsasabing ang espesyalisasyon at mas mataas na antas ng edukasyon ay nagdudulot ng mas mataas na kalidad sa pagtuturo ng Filipino. Ipinapakita ng datos na ang mga guro ay may sapat na propesyonal na paghahanda, na nagiging pundasyon ng kanilang kakayahan upang epektibong magamit ang mga makabagong estratehiya tulad ng integrasyon ng Panitikang Filipino. Tinutugunan nito ang obserbasyon nina Ompoc (2023) at De Guzman at Abagon (2021) na ang patuloy na pag-aaral at pagsasanay ay mahalaga upang mapanatili ang kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika. Ang pagkakaroon ng mga Master's units ay nagpapahiwatig ng aktibong pagbuo ng pedagogikal at panlitteraturang kaalaman, na kritikal sa paggamit ng panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo. Bukod dito, tumutugma ang resulta sa pananaliksik nina Kilag et al. (2023) na nagpalakas ng argumento na ang malalim na pag-unawa sa panitikan ay mahalaga upang mapalawak ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mataas na antas ng edukasyon ng mga guro ay nagbibigay-daan sa mas epektibong pagpili at paggamit ng mga tekstong panitikan sa klase, na siyang layunin ng kasalukuyang pag-aaral.

Mahalaga rin ang rekomendasyon na palakasin ang mga programang pang-propesyonal na pag-unlad na nakatuon sa integrasyon ng panitikan sa pagtuturo ng wika. Ito ay nakaayon sa mga mungkahi ng mga pag-aaral nina Benito (2023) at Seballos et al. (2024), na nagmumungkahi ng patuloy na pagsasanay upang mapunan ang mga kakulangan at higit pang mahasa ang kasanayan ng mga guro, lalo na sa panitikan at mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Sa kabuuan, ang mataas na antas ng edukasyong natamo ng mga guro ay nagbibigay ng matibay na pundasyon para sa matagumpay na implementasyon ng makabago at epektibong metodolohiya sa pagtuturo ng Filipino, partikular na sa paggamit ng Panitikang Filipino bilang instrumento sa pagpapalawak ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1.5 ay nagpapakita ng propayl ng mga respondente ayon sa mga pagsasanay na dinaluhan.

Talahanayan 1.5

Demograpikong Propayl ng mga Respondente Ayon sa Mga Pagsasanay na Dinaluhan

Mahalalagang Pagsasanay na Dinaluhan	Dalas	Porsyento
Pampurok	26	27.4
Pansangay	28	29.5
Pang Internasyonal	7	7.4
Pambansa	9	9.5
Panrehiyon	12	12.6
Pampaaralan	13	13.7
Kabuuan	95	100.0

Ipinapakita sa Talahanayan 1.5 ang distribusyon ng mga respondente batay sa mahalalagang pagsasanay na kanilang nadaluhan. Ang impormasyong ito ay mahalaga sa pagsusuri ng

kasalukuyang pananaliksik sapagkat ipinakikita rito ang antas ng paglahok ng mga guro sa mga gawaing propesyonal na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng kanilang kaalaman at



kakayahan, partikular na sa larangan ng pagtuturo gamit ang Panitikang Filipino.

Batay sa datos, lumalabas na ang pinakamaraming guro ay dumalo ng mga pagsasanay sa Pansangay na pagsasanay (28 o 29.5%), na sinundan ng Pampurok na pagsasanay (26 o 27.4%). Ipinapakita nito na karamihan sa mga pagsasanay na na-access ng mga guro ay nasa lokal na antas, na maaaring mas madaling maabot at mas malapit sa kanilang konteksto ng pagtuturo. Sumunod dito ang mga dumalo sa Pampaaralan na pagsasanay (13 o 13.7%) at Panrehiyon na pagsasanay (12 o 12.6%), na nagpapakita ng bahagyang partisipasyon sa mas mataas na antas ng pagsasanay.

Samantala, kakaunti lamang sa mga guro ang nakadalo ng Pambansang Pagsasanay (9 o 9.5%) at Pang Internasyonal (7 o 7.4%) na mga pagsasanay. Bagama't mas limitado ang pagdalo sa mga mas mataas na antas ng pagsasanay, maaaring ipakahulugan ito na may kakulangan sa oportunidad o suporta para sa mas malawak na pag-unlad propesyonal sa pambansa at pandaigdigang konteksto. Ang ganitong datos ay maaaring makatulong upang matukoy kung sapat ang mga pagsasanay na naibibigay sa mga guro upang higit nilang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng panitikan sa pagtuturo ng wika.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na bagama't maraming guro ang aktibong lumalahok sa mga pagsasanay sa lokal na antas, limitado pa rin ang kanilang exposure sa mga mas mataas na lebel ng propesyonal na pagsasanay. Ito ay maaaring makaapekto sa antas ng kanilang kaalaman sa mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo at sa malalim na pag-unawa sa paggamit ng Panitikang Filipino bilang kasangkapan sa paglinang ng kasanayang pangwika.

Bilang implikasyon, mahalagang hikayatin at suportahan ang mga guro na makalahok sa mga pagsasanay sa regional, national, at international levels upang mapalawak ang kanilang pananaw at mapalalim ang kanilang kaalaman sa mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo. Maaaring maging bahagi ng mga inisyatibo ng mga paaralan at dibisyon ang pagbibigay ng scholarship, training grants, at iba pang suporta upang matugunan ang ganitong pangangailangan. Sa pamamagitan nito, mas mapapalakas ang implementasyon ng panitikang Filipino bilang mahalagang sangkap sa pagtuturo ng wika sa Senior High School.

Mahalaga ang propesyonal na pagsasanay ng mga guro sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagtuturo, lalo na sa asignaturang Filipino, tulad ng ipinakitang sa mga pag-aaral nina Prediger et al. (2022) at Malaque (2022). Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga guro ay nakakadalo ng mga pagsasanay sa lokal na antas, partikular sa Division at District levels, na sumasalamatin sa pangangailangan at accessibility ng mga ganitong pagsasanay sa kanilang konteksto. Gayunpaman, tulad ng naobserbahan sa mga pag-aaral nina Benito (2023) at Seballos et al. (2024), limitado ang paglahok ng mga guro sa mas mataas na antas ng pagsasanay gaya ng Regional, National, at International levels, na maaaring makaapekto sa kanilang pag-unlad sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo.

Ang limitadong exposure na ito ay nakaugnay sa mga natuklasan nina Ompos (2023) at De Guzman at Abagon (2021), na nagbigay-diin sa kahalagahan ng malawakang professional development upang mapalalim ang kaalaman at husay ng mga guro sa pagtuturo. Mahalaga rin ang papel ng panitikang Filipino sa ganitong pagsasanay, kung saan ipinakitang nina Kilag et al. (2023) na ang pagsasama ng panitikan sa pagtuturo ay positibong nakakatulong sa paglinang ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Upang maging epektibo ang ganitong estratehiya, kinakailangang mas mapalawak ang mga oportunidad para sa mga guro na nakadalo sa mga mas mataas na antas ng pagsasanay.

Dahil dito, ang kasalukuyang datos ay nagpapakita ng pangangailangan ng mas malawak na suporta mula sa mga paaralan at divisional offices upang matulungan ang mga guro na makalahok sa mga regional, national, at international trainings. Iminungkahi ng mga naunang pag-aaral na ang pagbibigay ng scholarship, training grants, at iba pang insentibo ay maaaring maging epektibong hakbang upang mas mapalawak ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro (Benito, 2023; Seballos et al., 2024). Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapakita ng positibong partisipasyon ng mga guro sa mga lokal na pagsasanay, ngunit kailangan pa rin ang sistematikong suporta upang mas mapalalim ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng Panitikang Filipino bilang kasangkapan sa pagtuturo sa Senior High School.

Suliranin Blg. 2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga gurong kalahok sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino?

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga gurong kalahok sa paggamit ng panitikang Filipino bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika.

Talahanayan 2

Antas ng Kasanayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang Panitikang Filipino

Antas na Kasanayan ng mga Gurong Kalahok sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang Panitikang Filipino	Karaniwang Halaga	Berbal na Pagpapakahulugan
1. Naiugnay ng guro ang mga akdang pampanitikang Filipino sa masiglang pagtuturo ng mga kasanayan sa wika na katulad ng pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita.	3.68	NA
2. Nagagamit ng guro ang mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino para mapalawak ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Pilipino.	3.67	NA



2. Nakagagawa ang guro ng mga malikhaing gawain at aktibidad na nagpapalakas ng kasanayan sa wika gamit ang mga akdang pampanitikang Filipino.	3.62	NA
3. Naipapaliwanag ng guro ang kontribusyon ng panitikang Filipino sa kasalukuyang lipunan upang hikayatin ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan.	3.61	NA
4. Nasusuri ng guro ang galing ng mga mag-aaral sa gamit ng wika sa pamamagitan ng talakayang pananaliksik at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.	3.57	NA
Timbang na Karaniwang Halaga	3.63	NTA

Palatandaan: 1 – Napakababang Antas (NA) , 2 – Mababang Antas (MA), 3 – Mataas na Antas (MTA), and 4 – Napakataas na Antas (NTA)

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang Panitikang Filipino. Sinusukat nito kung paano naisasabuhay ng mga guro ang paggamit ng mga akdang pampanitikan sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga aspektong pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita. Ang datos ay nagbibigay ng mahalagang pananaw kung gaano kaepektibo ang mga guro sa integrasyon ng panitikan bilang isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo ng wika.

Makikita sa talaan na lahat ng mga aspeto ng kasanayan ay nasa napakataas na antas, kung saan ang pinakamataas ay ang kakayahan ng guro na maiugnay ang mga akdang pampanitikan sa masiglang pagtuturo ng mga kasanayan sa wika na may mean na 3.68. Kasunod nito ang paggamit ng mga estratehiya para palalimin ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Pilipino na may mean na 3.67. Ipinapakita rin na nakagagawa ang mga guro ng malikhaing gawain na nagpapalakas ng kasanayan sa wika (3.62), naipapaliwanag ang kontribusyon ng panitikang Filipino sa lipunan para mahikayat ang aktibong partisipasyon (3.61), at nasusuri ang galing ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa pamamagitan ng pananaliksik at pagsusuri (3.57). Ang kabuuang weighted mean na 3.63 ay nagpapatunay sa mataas na antas ng kahusayan ng mga guro sa aspektong ito.

Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang mga guro ay hindi lamang may sapat na kaalaman kundi may aktibong kakayahan sa paggamit ng panitikang Filipino upang mapabuti ang pagtuturo ng wika. Ang mataas na antas ng kasanayan ay indikasyon na ang mga guro ay epektibong nagagamit ang mga akdang pampanitikan bilang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo. Malaki ang naitutulong ng kanilang malikhaing paggamit ng panitikan upang maging mas buhay at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng wika.

Bilang interpretasyon, ang mataas na antas ng kasanayan ng mga guro ay nagpapahiwatig na may matibay na pundasyon sa pedagogikal skills ang mga kalahok sa pag-aaral na ito. Nagbibigay ito ng positibong indikasyon para sa pagpapatuloy at pagpapalawak ng integrasyon ng panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika, sapagkat ang guro mismo ay handa at may kakayahang ipatupad ang mga epektibong estratehiya. Gayunpaman, mahalaga ring pag-aralan ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa implementasyon upang mas mapalalim ang epekto ng panitikan sa pagkatuto ng wika.

Sa aspektong implikasyon, nararapat na ipagpatuloy ng mga paaralan at ng mga tagapagpatupad ng edukasyon ang pagbibigay ng suporta at pagsasanay sa mga guro upang higit nilang mapagyaman ang kanilang kakayahan sa paggamit ng panitikang Filipino. Maaari ring paigtingin ang pagbabahagi ng mga best practices at malikhaing estratehiya sa pagtuturo upang maging inspirasyon sa mas maraming guro. Sa ganitong paraan, mas mapapalawak ang positibong epekto ng panitikang Filipino sa paglinang ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa mas malawak na saklaw.

Ang mataas na antas ng kasanayan ng mga guro sa paggamit ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika ay tumutugma sa mga natuklasan ng mga pag-aaral nina Prediger et al. (2022), Malaque (2022), Ompoc (2023), at De Guzman at Abagon (2021), na nagpapakita na ang malalim na kaalaman at kasanayan ng guro sa kanilang asignatura ay mahalaga upang maging epektibo ang pagtuturo. Sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng panitikan, nagagawa ng mga guro na mapalawak at mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita. Ito ay sumusuporta rin sa mga pananaw ni Kilag et al. (2023) na ang integrasyon ng panitikang Filipino, partikular ang mga tula, ay may positibong epekto sa pagpapalawak ng bokabularyo at kasanayan sa wika, pati na rin sa pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Bukod dito, ang mataas na antas ng malikhaing paggamit ng panitikan sa pagtuturo ay nagpapakita ng epektibong pedagogikal strategies na nakatuon sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, na sinusupportahan ng mga pag-aaral nina Alorro (2024) at Buenviaje (2021) tungkol sa paggamit ng interaktibo at malikhaing pamamaraan sa pagtuturo. Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita rin ng holistikong pagtingin ng mga guro sa paglinang ng wika, tulad ng pagsusuri at pananaliksik sa kakayahan ng mga mag-aaral, na kaayon ng mga pananaw nina Schalbetter et al. (2022) at Alo (2023) hinggil sa kahalagahan ng mahusay na pedagogikal na pagdulog sa paglinang ng komunikasyon at kasanayang pangwika.

Sa konklusyon, ang mga resulta ay nagpapahiwatig ng matibay na pundasyon ng mga guro sa pedagogikal na kasanayan at ang kanilang kakayahang gamitin ang panitikang Filipino bilang isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Mahalaga ang patuloy na suporta at pagsasanay para sa mga guro upang mapanatili at mapalawak ang kanilang kasanayan, gaya ng iminungkahi nina Benito (2023) at Seballos et al. (2024), upang mas lalo pang mapahusay ang integrasyon ng



panitikang Filipino sa kurikulum at pagtuturo. Sa ganitong paraan, mas mapapalawak ang positibong epekto ng panitikan sa paglinang ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Suliranin Blg. 3. Ano ang antas ng epektibidad ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino?

Talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino at kung gaano ito kaepektibo.

Talahanayan 3

Antas ng Epektibidad ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang Panitikang Filipino

Antas ng Pagiging Epektibo ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Wika Gamit ang Panitikang Filipino	Karaniwang Halaga	Berbal na Pagpapakahulugan
1. Ang mga estratehiyang pampagtuturo na ginagamitan ng panitikang Filipino ay epektibong nagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika.	3.63	NTA
2. Ang paggamit ng panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.	3.64	NTA
3. Ang integrasyon ng panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat nang masining at makabuluhan.	3.75	NTA
4. Ang paggamit ng panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa gramatika, bokabularyo, at istruktura ng wika.	3.82	NTA
5. Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya katulad ng malikhaing pagsulat, talakayan, at interpretasyon ng akdang pampanitikan ay nagpapalakas ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.	3.84	NTA
Timbang na Karaniwang Halaga	3.74	NTA

Palatandaan: 1 – Napakababang Antas (NA), 2 – Mababang Antas (MA), 3 – Mataas na Antas (MTA), and 4 – Napakataas na Antas (NTA)

Ipinapakita ng Talahanayan 3 ang antas ng pagiging epektibo ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino. Sinusuri nito kung paano nakatutulong ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo gamit ang panitikang Filipino upang mapataas ang interes, pag-unawa, at kasanayan ng mga mag-aaral sa wika. Ang datos ay mahalaga upang malaman kung gaano kaepektibo ang integrasyon ng panitikan sa mga estratehiya sa pagtuturo ng wika sa konteksto ng mga guro sa Senior High School sa Ikatlong Distrito ng Dibisyon ng Quezon.

Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay epektibo sa pagpili at paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino. Bukod sa pagpapalawak ng kasanayan sa wika, nagagawa nilang linangin ang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang kultura. Ipinapakita rin nito na ang panitikan ay hindi lamang isang tool sa pagtuturo ng wika kundi isang mabisang paraan upang ma-engganyo ang mga mag-aaral at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa wika at kultura.

Makikita sa talaan na lahat ng nasuring aspeto ay nasa napakataas na antas ng epektibidad, na may pinakamataas na mean na 3.84 para sa paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng malikhaing pagsulat, talakayan, at interpretasyon ng akdang pampanitikan na nagpapalakas ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Kasunod nito ang pagpapalalim ng pag-unawa sa gramatika, bokabularyo, at istruktura ng wika (3.82), at ang pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat nang masining at makabuluhan (3.75). Ang paggamit ng panitikang Filipino bilang instrumento sa pagtuturo ay napatunayang epektibo rin sa pagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino (3.64) pati na rin sa nagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral (3.63). Ang kabuuang weighted mean na 3.74 ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagiging epektibo ng mga estratehiyang ito.

Bilang interpretasyon, ang mataas na antas ng kabisaan ng mga estratehiyang ito ay nagsasaad na ang paggamit ng panitikang Filipino ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng wika. Pinatutunayan nito na ang mga guro ay nakapagsasagawa ng mga pamamaraan na hindi lamang nakatuon sa pagpapasa ng impormasyon kundi pati na rin sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang datos ay nagmumungkahi na ang pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino ay isang praktikal at mabisang paraan na dapat pang paunlarin at palaganapin.

Sa aspektong implikasyon, nararapat na patuloy na suportahan ng mga paaralan at ng mga tagapamahala ng edukasyon ang paggamit ng mga estratehiyang ito sa pagtuturo. Mahalaga rin na magkaroon ng mas marami pang pagsasanay at pagpapalitan ng mga makabagong pamamaraan upang mapalawak ang kakayahan ng mga guro sa paggamit ng panitikan sa pagtuturo ng wika. Sa ganitong paraan, mas higit pang mahihikayat ang



mga mag-aaral na maging interesado, kritikal, at mapanuring tagapagtangkilik ng sariling wika at kultura.

Ang napakataas na antas ng pagiging epektibo ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Prediger et al. (2022) at Malaque (2022) na ang espesyalisadong kaalaman at kasanayan ng mga guro sa Filipino ay mahalaga sa tagumpay ng pagtuturo. Ang malikhaing pagsulat, talakayan, at interpretasyon ng mga akdang pampanitikan ay nagpapakita na epektibo ang mga guro sa paggamit ng mga pamamaraan na nagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral, lalo na sa kritikal na pag-iisip, bilang bahagi ng propesyonismo sa pagtuturo.

Bukod dito, ang positibong epekto ng panitikan sa pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika, bokabularyo, at istruktura ng wika ay naaayon sa pananaliksik nina Kilag et al. (2023) na nagpapakita na ang panitikang Filipino, tulad ng tula at iba pang akdang pampanitikan, ay nakatutulong sa pagpapalalim ng kasanayan sa wika. Pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ito na ang panitikan ay mabisang kasangkapan hindi lamang sa paghubog ng kasanayan sa wika kundi pati na rin sa pagpapahalaga sa kultura ng mga mag-aaral.

Ang pagsasama ng panitikang Filipino sa pagtuturo ay hindi lamang nagpapalawak ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral kundi nagpapalalim din ng kanilang pagpapahalaga sa kulturang

Filipino, na sumasalamin sa mga obserbasyon nina Ompoc (2023) at De Guzman at Abagon (2021). Ang mataas na antas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral na naitala sa resulta ay tumutugma rin sa mga pag-aaral nina Alorro (2024) at Buenviaje (2021), na nagsasaad na ang paggamit ng makabagong pamamaraan, kasama na ang teknolohiya, ay nakapagpapasigla ng partisipasyon at interes ng mga estudyante.

Sa huli, ang rekomendasyon na palakasin pa ang pagsasanay at suporta para sa mga guro ay tumutugma sa mga mungkahi nina Benito (2023) at Seballos et al. (2024) na kinakailangan ng masinsinang professional development upang mapunan ang mga kakulangan sa kakayahan ng mga guro, lalo na sa paggamit ng panitikang Filipino bilang isang epektibong instrumento sa pagtuturo. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagpatibay sa mga naunang pananaliksik na ang integrasyon ng panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika ay isang mabisang pamamaraan upang mapalawak ang kasanayan, mapataas ang interes, at mapalalim ang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa kultura ng mga mag-aaral.

Suliranin Blg. 4. Ano ang makabuluhang kaugnayan ng antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika sa propayl ng mga kalahok?

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng kaugnayan ng antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang panitikang Filipino sa kanilang demograpikong propayl.

Talahanayan 4

Ugnayan ng Antas ng Kasanayan sa Pagtuturo ng Wika at ng Demograpikong Propayl ng mga Guro

Baryabol ng Propayl	Ugnayang Pearson (r)	P-halaga	Pasya	Interpretasyon
Edad	0.123	0.236	Nabigong Tanggihan ang Ho	WMU
Kasarian	0.044	0.673	Nabigong Tanggihan ang Ho	WMU
Katayuang Sibil	-0.148	0.152	Nabigong Tanggihan ang Ho	WMU
Pinakamataas na Antas ng Edukasyon	0.333	0.001	Nabigong Tanggihan ang Ho	MMU
Mahahalagang Pagsasanay na Dinaluhan	0.174	0.092	Nabigong Tanggihan ang Ho	WMU

Palatandaan: 1 – Walang Makabuluhang Ugnayan (WMU), 2 – May Makabuluhang Ugnayan (MMU)

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika gamit ang Panitikang Filipino at ng kanilang demograpikong propayl. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy kung ang mga salik gaya ng edad, kasarian, katayuang sibil, antas ng natamong edukasyon, at mga dinaluhang pagsasanay ay may makabuluhang kaugnayan sa antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo. Ginamit ang Pearson Correlation upang masukat ang lakas at direksyon ng ugnayan, samantalang ang p-value naman ay ginamit upang matukoy ang kahalagahang estadistikal.

Batay sa resulta, lumilitaw na ang edad ($r = 0.123$, $p = 0.236$), kasarian ($r = 0.044$, $p = 0.673$), katayuang sibil ($r = -0.148$, $p = 0.152$), at mahahalagang pagsasanay na dinaluhan ($r = 0.174$, $p = 0.092$) ay pawang may p-value na mas mataas sa 0.05. Dahil dito, hindi tinatanggap ang alternatibong hipotesis, kaya't walang makabuluhang ugnayan ang mga ito sa antas ng kasanayan ng mga guro. Ipinahihiwatig nito na anuman ang

edad, kasarian, katayuang sibil, at dami ng pagsasanay na kanilang nadaluhan, hindi ito direktang nakaaapekto sa kahusayan ng guro sa pagtuturo ng wika gamit ang Panitikang Filipino. Ang kawalan ng ugnayan ay maaaring dulot ng pagkakaroon ng pareho ng karanasan at praktis ng mga guro sa loob ng paaralan, kahit pa sila ay may iba't ibang personal na katangian.

Sa kabilang banda, makikita namang ang pinakamataas na antas ng edukasyon ay may positibong ugnayan sa antas ng kasanayan sa pagtuturo ($r = 0.333$, $p = 0.001$), kung saan tinatanggihan ang null hypothesis. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng edukasyong natamo ng gurogaya ng pagkakaroon ng master's degree o yunit para ritoay tumataas din ang kanilang kakayahan sa makabuluhang paggamit ng Panitikang Filipino sa pagtuturo ng wika. Ang ugnayang ito ay nagpapahiwatig na ang karagdagang kaalaman at kasanayan mula sa pormal na edukasyon ay mahalaga sa pagpapahusay ng pedagogikal na kasanayan, partikular sa pagsasama ng



panitikan sa mga gawaing pangwika.

Sa kabuuan, malinaw na ang edukasyonal na antas lamang ang nagpapakita ng makabuluhang epekto sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo gamit ang Panitikang Filipino. Ang iba pang aspeto ng demograpikong propayl ay walang tuwirang kaugnayan sa kasanayan sa pagtuturo. Nangangahulugan ito na mas malaking bahagi ng kahusayan sa pagtuturo ay nakabase sa antas ng pormal na edukasyon ng guro kaysa sa kanilang personal na katangian o karanasan sa mga pagsasanay.

Bunsod nito, mahalagang isaalang-alang ng mga tagapangasiwa ng edukasyon ang pagbibigay ng oportunidad sa mga guro na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral, partikular sa antas ng graduate studies. Maaari ring magsilbing batayan ito upang magsagawa ng mga programang pangkaunlaran na nakatuon sa akademikong pag-unlad ng mga guro. Sa huli, mas epektibong maisasakatuparan ang layunin ng pagtuturo ng wika gamit ang Panitikang Filipino kung ang mga guro ay may sapat at mataas na antas ng kaalamang pedagogikal at akademikong kahandaan.

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

1. Makikita na karamihan sa mga guro ng Senior High School sa Ikatlong Distrito ng Dibisyon ng Quezon ay nasa mid-career stage na may sapat na propesyonal na kwalipikasyon. Mas marami sa kanila ang may units sa Master's degree at aktibong lumalahok sa mga lokal na pagsasanay. Ang iba't ibang antas ng edad, kasarian, at katayuang sibil ay nagdadala ng iba't ibang pananaw at karanasan sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.

2. Ipinapakita ng resulta na mataas ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng Panitikang Filipino bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Nagagawa nilang iugnay ang mga akdang pampanitikan sa pagpapalalim ng kaalaman at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Dahil dito, nagiging makabuluhan at masigla ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

3. Malinaw na epektibo ang mga estratehiya ng mga guro tulad ng malikhaing pagsulat, talakayan, at interpretasyon ng panitikan. Sa pamamagitan ng mga ito, napauunlad ang kritikal na pag-iisip, bokabularyo, at kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, napapataas ang interes at pagpapahalaga nila sa sariling wika at kultura.

4. Ipinapakita ng datos na ang edad, kasarian, katayuang sibil, at dami ng pagsasanay ay walang makabuluhang ugnayan sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo. Gayunman, may makabuluhang ugnayan ang antas ng edukasyon sa husay sa paggamit ng Panitikang Filipino. Patunay ito na ang pormal na edukasyon ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagtuturo.

5. Walang ugnayan ang edad, kasarian, at dami ng pagsasanay sa paggamit ng estratehiya ng mga guro. Subalit may makabuluhang ugnayan ang antas ng edukasyon at katayuang sibil sa epektibong paggamit ng mga estratehiya. Ang mas mataas na edukasyon ay nagdudulot ng makabago at mas epektibong pamamaraan, samantalang mas aktibo sa estratehiya ang mga gurong walang asawa.

6. Sa kabila ng mga hamon gaya ng kakulangan ng materyales, oras, at interes ng mag-aaral, nananatiling masigasig ang mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Gumagawa sila ng alternatibong solusyon tulad ng paggamit ng

lokal na panitikan at kuwentong bayan. Patunay ito na sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan, nalalampan ang mga balakid sa pagtuturo.

7. Ang mungkahing plano ng aksyon ay naglalayong tugunan ang kakulangan sa materyales, pagsasanay, at interes ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagsusuri sa kasanayan, pagpapalakas ng motibasyon, at paglilinang ng kritikal na pag-iisip. Sa suporta ng pamunuan, inaasahang higit pang mapapaunlad ang pagtuturo ng Panitikang Filipino.

Rekomendasyon

1. Ang mga mag-aaral ay maaaring aktibong lumahok sa reading circle o talakayang pampanitikan upang mapalalim ang kanilang kasanayan sa wika at pag-unawa sa kultura.
2. Ang mga guro ay maaaring regular na dumalo sa mga seminar-workshop at in-service training (INSET) tungkol sa makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.
3. Ang mga guro ay maaaring maglunsad ng peer sharing sessions o learning action cells (LAC) buwan-buwan upang magbahaginan ng epektibong pamamaraan sa pagtuturo.

TALASANGGUNIAN

1. Alo, Merien L. (2023), *Linguistic Skills, Sociolinguistics Abilities and Communicative Proficiency of Senior High School Students*. *International Journal of Arts, Science and Education*, Vol 4, Issue 2, ISSN:2799-1091 Page 216-232, retrieved from <https://ijase.org/index.php/ijase/article/download/258/198/735>
2. Alonzo, M. (2023). *Integrating Filipino Literature in Language Teaching: Challenges and Strategies*. *Philippine Journal of Language Education*, 12(1), 45-60.
3. Alorro, J. (2024). *Onlayn vs. Tradisyonal na Pagtataya sa Filipino ng mga Piling Mag-aaral sa Filipino: Tungo sa Mabisang Pagtatasa at Propesyonal na Pag-unlad*. *Journal of Education and Learning Advancements*, 1(1), 55-68.
4. Andales, R. (2024), *Kahusayan sa Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Filipino*. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence (IMJRIS)*, Vol 1 No. 6 (2024,, ISSN Print 3028-0370 <https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/456>
5. Bautista, M. (2021). *The Role of Filipino Literature in Cultural Identity Formation*. *Journal of Southeast Asian Studies*, 17(3), 25-40.
6. Benito, J.J. L. (2023), *Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Antas Sekondarya*. *Global Scientific Journal*, Volume II, Issue 2, ISSN-23209186, www.globalscientificjournal.com
7. Buenviaje, R.D. (2021), *Kahandaan ng mga Guro na nagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Paggamit ng Google Classroom*. *EPRA International Journal Research & Development*. Vol. 6, Issue 7, <https://doi.org/10.36713/epra7754>
8. Buenviaje, R.D. (2021). *Kahandaan ng mga Guro na nagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Paggamit ng Google Classroom*. *EPRA International Journal Research & Development*. Vol 6 Issue 7. <https://doi.org/10.36713/epra7754>.
9. Cherry, K. (2024), *What is Sociocultural Theory? Recognizing the role that Society and Socialization play in learning*. *Verywellmind*. <https://www.verywellmind.com/what-is-sociocultural-theory-2795088>



10. Cortes, E.L. et al. (2024), *Danas ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Filipino. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence (IMJRISE)*. Vol 1. Issue 6 ISSN 3028-032x (online), ISSN: 3028-0370 (print) <https://risejournals.org/index.php/imjrise>
11. De Guzman, J. A., Abagon B.S. (2021). *Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng Senior High School. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, Vol 5 Issue 10, pp: 125-137, E-ISSN: 2378-703x, www.ajhssr.com.
12. Dela Cruz, J. (2022). *Barriers to the Integration of Filipino Literature in the Curriculum: Insights from Educators. Philippine Studies Journal*, 9(4), 50-70.
13. *Education and Training International*. (2020). *Language and Language Learning: Importance of Language in Education. Language and Language Learning Framework*. Retrieved from https://www.edu.gov.mb.ca/k12/cur/ela/docs/s2_framework/language_learning.pdf
14. Frasinianu, E.S. (2023). *Homework management in academic learning. Analele Universității din Craiova, seria Psihologie-Pedagogie/Annals of the University of Craiova, Series Psychology- Pedagogy*.
15. Garcia, R. (2024). *Understanding the Disconnect: Students' Perception of Filipino Literature in Education. International Journal of Educational Research*, 15(2), 75-90.
16. Gloria, A (2021), *Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate*. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglina_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya on November 17, 2024
17. Hicana, M. F. (2024). *Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon. CNU-JOURNAL OF HIGHER EDUCATION*, 18, 48-60. <https://www.jhe.cnu.edu.ph/ojs3/article/view/283>
18. Kilag, O. K., Dumdum, J. N., Quezon, J., Malto, L., Mansueto, D., & Delfino, F. (2023). *The adju Potential of Poems: Integrating Poetry in English Language Teaching. Excellencia: International Multi-Disciplinary Journal of Education (2994-9521)*, 1(1), 42-55. <https://multijournals.org/index.php/excellencia-imje/article/view/4>
19. Largo, R. C., & Gaihe, M. A. Q. (2021). *Filipino Language Teachers: Skills and Challenges Encountered in the Industry. International Journal of Multidisciplinary Research and Publications*. ISSN (Online), 2581-6187.